

KS KIDSPORT

UP TO
\$150
TOWARDS CLUB
FEES FOR KIDS!



Gusto bang maglaro ng isport ng inyong mga anak?

Ang programang Kidsport ay nagbibigay ng tulong na hanggang \$150 para sa bawat bata kada taon kung ang mga bata ay karapat-dapat upang matulungan sila sa pagbabayad ng mga club fee sa pagsali sa isang sport club at magsimulang masiyahan.


Mahalaga ang isport sa pag-unlad ng bata: makakatulong ito upang maragdagan ang kanilang tiwala sa sarili at malusog na paraan upang masiyahan sa pisikal na aktibidad kasama ang kanilang mga kaibigan.

Ang Kagawaran ng Lokal ng Pamahalaan, Mga Industriyang Pang-isport at Pang-kultura (The Department of Local Government, Sport and Cultural Industries) ay lubos na naghikayat sa mga bata na makilahok sa pangkomunidad na isport, hindi lamang dahil sa mga benepisyo nito sa katawan, kundi dahil na rin sa mga positibong epekto nito sa kagalingan ng pag-iisip at damdamin ng mga bata.

Sino ang maaaring mag-aplay?

Lahat ng mga bata sa Western Australian na may edad 5 hanggang 18 na nakalista sa may saysay na Health Care Card o Pensioner Concession Card (tingnan ang mga halimbawa na nakalarawan sa ibaba) ay maaaring mag-aplay. Pumunta lamang sa:

www.dlgsc.wa.gov.au/kidsport



Ang mga club kung saan magagamit ng inyong anak ang voucher na ito ay makikita sa aming website na <https://kidsport.dlgsc.wa.gov.au/find-a-club>



Kung kailangan ninyo ng tulong sa pag-aaplay para sa pagpopondong ito, mangyaring mag-email sa Kidsport team sa kidsport@dlgsc.wa.gov.au o tumawag sa +61 8 9492 9911. Ang tanggapan ng inyong lokal na konseho, paaralan, club o kontak sa lokal na komunidad ay makakatulong rin inyong aplikasyon.